

ANG



Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO


Taon XXXI Bilang 12

Disyembre 2001

EDITORIAL

Isang taon ng pagpapahirap at pagmamalupit sa mamamayan

Ang unang taon ng rehimeng Macapagal-Arroyo ay kinatampukan ng matarik na pagdausdos ng ekonomya at ibayong paghihirap ng mamamayan, pagsingaw ng malalaking kaso ng korapsyon, papatinding militarisasyon sa maraming lugar sa kanyunan, malalalang paglabag sa karapatang-tao at paglaganap ng matinding disgusto ng mamamayan.



NILALAMAN

- 1 Editorial:** Isang taon ng pagpapahirap at pagmamalitup sa mamayan
- 5** Higit pang pasismo at pagtatali ng Pilipinas sa neokolonialismo
Special Purpose Assets Vehicle
- 6** Pondo para sa pasismo at pagpapakututa
- 7** Ilang datos sa krisis sa ekonomya
- 8** Salamangka sa datos sa disemployo
- 9** Krisis sa mga sentro ng kapitalismo
- 10** Namamayagap pa rin si Danding
- 11** Kasunduang SMC-Kirin
- 12** Danding, nangangamkam ng lupa sa Isabela
- 14 Mga Ulat Koresponsal:** Rebolusyonaryo, umaani ng tagumpay sa Isabela (14); Ka Haren at Ka Baste: Rebolusyonaryong kagitingan sa harap ng kaaway (15); Paglilinaw hinggil sa kalagayan ng mga bihag ng digma sa Dulong Timog Mindanao (16)
- 17 Pananalanta ng pasistang estado:** Labing-isang buwang kalbaryo ng militarisasyon sa kanayunan
- 19** Pananalakay ng Israel sa Palestine
- 20** Pag-aalsa, sumiklab sa Argentina
- 21 Mga Balita**

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentario at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Inilalabas ang **Ang Bayan** sa Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Iloko at Ingles. Makukuha ang pinakahuling isyu nito sa internet. Magtungo sa


www.angbayan.org

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.org

Itinambol ni Macapagal-Arroyo nitong Disyembre na maganda pa rin ang kalagayan ng pambansang ekonomya at na nasa landas ito ng higit pang pagsulong sa susunod na taon. Sa ipinatawag niyang National Socio-Economic Summit nitong Disyembre 10, nilayon niyang pagkaisahin ang mga naghaharing uri para sa higit pang pagpapabwelo ng patakaran “globalisasyon” at bigyang-matwid at ilagay sa unahan ang mga hakbanging militarista sa harap ng nagpapatuloy at papalang krisis sa bansa.

Subalit hindi mapagtakpan ng walang-batayang optimismo ni Macapagal-Arroyo ang tunay na kalagayan ng ekonomya ng Pilipinas. Kinatatampukan ito ng ibayong pagtumal ng produksyon nakatuon sa eksport bunsod ng paglala ng pandaigdigang krisis ng sobrang produksyon. Bagsak ngayon ang pandaigdigang pamilihan ng mga produktong elektronik at pangkompyuter, mga produktong pangunahing inieksport ng Pilipinas mula sa mga *special economic zone* (SEZ). Bunsod nito, matarik na bumulusok ang pamumuhunan sa mga SEZ nitong taong 2001 at nagdulot ito ng marami-hang pagtatanggal ng mga manggagawa.



Ang malawakang tangalan sa trabaho ay lalong nagsasadlak sa daan-daang libong manggagawa at kanilang mga pamilya sa mas malalang kahirapan at desperasyon. Samantala, di hamak na kulang ang iniuwing sahod ng mga manggagawa upang sila at ang kanilang pamilya ay mabuhay nang disente, laluna sa harap ng tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Dahil dito, malaganap ang panawagan at pakikibaka ng mga manggagawa para sa P125 pangkalahatang dagdag na arawang sahod. Sa kabilang kakagyatan ng makatarungang kahilingang ito, patuloy na nagmamatigas si Macapagal-Arroyo laban dito. Sa halip na itaas ang sahod, ipinatupad ang P30 palamuting Emergency Cost of Living Allowance, na animo'y nangungutya sa mga manggagawa.

Ipinagmamalaki ng mga ekonomista ng rehimen na malaki ang iniusad ng agrikultura nitong 2001. Subalit ang paglaking ito ng produksyon ay pawang relatibo lamang sa tuluy-tuloy na pagsadsad ng sektor ng agrikultura sa loob ng nakaraang dalawang taon bunsod ng masamang panahon.

Kung tutuusin, ang anumang tinutukoy na pagsulong ng agrikultura nitong 2001 ay mas nasa balangkas ng produksyon pang-eksport at di tumutugon sa mga pangangailangan ng mamayay, laluna sa usapin ng pagkain. Dahil sa walang-awat na liberalisasyon sa agrikultura alinsunod sa mga dikta ng WTO,

papabagsak ang produksyon ng mga esensyal na pangkonsumong produktong agrikultural. Lalong nanganganib ang kaseguruhan sa pagkain ng mamamayang Pilipino. Sa mga nakaraang taon, dumoble ang lawak ng mga lupaing tinatamanan ng mangga, asparagus, saging, pinya at iba pang produktong pang-eksport. Samantala, palaki nang palaki ang kakulangan sa bigas at ang importasyon nito, bunsod ng pagliit ng produksyon nito at liberalisasyon sa importasyon ng mga produktong agrikultural. Mina-madali ngayon ang pribatisasyon ng NFA at ng pag-angkat ng bigas. Pati mga magsasaka ng palay ay ineeng-ganyo pa ngayon ng rehimeng mag-import ng bigas! Kaalinsabay nito ang pagbaha sa bansa ng iba't iba pang imported na produktong agrikultural.

Walang isinagawang hakbangin ang gubyerno upang ipatupad ang tunay na reforma sa lupa. Sa kabilang banda, kasabwata ni Danding Cojuangco ang rehimeng sa kanyang malawakang pangangamkam at sapilitang pagpapalit-gamit ng mga sakahang ikinabuhay ng daan-libong mga magsasaka mula Isabela, Negros at Mindanao. Sa halip na tulungan ang masang magsasaka na palakihin ang kanilang kita, wala ring isinagawang hakbangin ang rehi-

men tungo sa pagkakamit ng makatarungang pagtataas ng *farm gate price* (presyo sa bukid) ng mga produktong agrikultural.

Sa harap ng walang kaparis na paghihikahos ng mamamayan, lantaran ang pangungurakot at pagpapakasasa sa karangyaan ng pinakamatataas na upisyal ng gubyerno, kabilang ang pinakamalalapit sa pangulo. Libu-libong kaso ng korapsyon ang nakasampa na laban sa iba't ibang ahensya ng gubyerno. Mismong si Miguel Arroyo, asawa ng presidente, at ang mga myembro ng gabinete na pinakamalalapit sa presidente, tulad ni Sec. Hernando Perez, at mga tagapayo ng presidente, tulad ni Norberto Gonzales, ay sangkot sa mga maanomalyang kontrata, panggigipit at mga maniobra sa negosyo, sikreng aregluhan at iba pang kasong kinasasangkutan ng bilyun-bilyong piso.

Malawakang disgusto ang ibinubunga ng krisis pang-ekonomya, ng pagsidhi ng paghihikahos ng mamamayan at ng patuloy na pag-yurak ng naghaharing rehimeng sa interes ng sambayanan. Patuloy na lumalakas kapwa ang mga pakikibaka ng mga manggagawa at iba pang demokratikong sektor sa kalunsuran; gayundin ang armadong pakikibaka at mga antipyudal na pakikibaka sa


kanayunan. Mabilis na sumusulong at lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa.

Mababagsik na operasyong militar at malaganap na paglabag sa mga karapatang-tao ang tugon dito ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Pag-haharing militar ang pinairal sa maraming lugar sa kanayunan sa pamamagitan ng malalaking konsentrasyon at operasyong militar kagyt pagkatapos ng eleksyon noong Mayo. Walang-patid ang militaristang pananalanta mula noon.

Sa lawak, tindi at kalupitan ng pananalasa sa kanayunan, walang pag-aalinlangang nahigit na ng bagong luklok na rehimeng Macapagal-Arroyo ang pinatalsik na rehimeng Estrada. Ang 544 na naitalang kaso ng paglabag ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa karapatang-tao sa unang 11 buwan nito, kalakhan bunga ng militarisasyon sa kanayunan, ay mahigit sa naitalang 436 na kaso sa huling 11 buwan ng rehimeng Estrada kung kailan lumarga ang todong digma nito sa Mindanao.

Kasunod ng Basilan, natatangi ang tindi ng konsentrasyon ng mga tropa ng AFP at PNP sa Timog Katagalugan, laluna sa Mindoro Oriental, at iba pang lugar na malakas ang rebolusyonaryong armadong pak-

Sa harap ng walang kaparis na paghihikahos ng mamamayan, lantaran ang pangungurakot at pagpapakasasa sa karangyaan ng pinakamatataas na upisyal ng gubyerno, kabilang ang pinakamalalapit sa pangulo.



kibaka. Sa mga lugar na ito, walang patumangga ang pananalanta sa masang magsasaka at mamamayang minorya ng walang-rendang hagupit ng hubad na militarisasyon.

Matapos palayain sa Mindoro ang bihag ng BHB na si Army Maj. Noel Buan, pinahirapan ng rehimeng mamamayan doon sa pamamagitan ng pagpapatupad ng malawakan, malakihan at tuluy-tuloy na mga *search-and-destroy operation*, na pinasahol pa ng malaganap na pandudukot, pamamaslang at pan-liligil sa mga komunidad ng pinaghahina-laang base ng rebolusyonaryong kilusan. Sa Isabela, inilulunsad ngayon ang pinakamatinding operasyon mula pa noong 1995.

Lalong nakapangyayari ang militaristang patakaran at mga hakbangin ng rehimeng asal-aliping pagtalima nito sa panawagan at paglulunsad ng US ng imperyalistang gera ng agresyon at terorismo sa Afghanistan. Ang "anti-teroristang" pandirigma ng US ay itinuturing ng papet na rehimeng ginintuang pagkakataon para gawing instrumento ang Pilipinas ng agresyong imperyalista kapalit ng dagdag na ayudang militar at pinansyal.

Todong pagpapakapet sa imperyalismo at paghahasik ng pasismo sa loob ng bansa ang sagot ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa kalagayang binabayo ang bansa at mamamayan ng napakatinding

krisis. Ang pasistang pagsupil sa mamamayang nag-aalsa dulot ng kahirapan ay ibayong pinagtibay kamakailan nang tukuyin sa Economic Summit na "susí" diumano sa pagbawi ng ekonomya ang pagpapairal ng "kapayapaan at kaa-yusan".

Patuloy na ginagamit ng nag-haharing rehimeng kontra-rebolusyonaryong dalawahang taktika ng todo-largang mga kampanyang militar laban sa mga erya ng rebolusyonaryong pwersa at matinding militarisasyon sa mga rebolusyonaryong baseng masa kasa-bay ng pag-atras-abante sa usapang pangkapayapaan.

Ang malawak na hanay ng mamamayan, mga panggitnang pwersa, mga taong-simbahan at iba pang nagtaguyod ng kapayapaan ay naggigiit sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Tulad ng lumabas sa sarbey ng Social Weather Stations noong Nobyembre, malawak ang disgustong mamamayan sa pagmamatigas ng rehimeng pagkakataon para gawing instrumento ang Pilipinas ng agresyong imperyalista kapalit ng dagdag na ayudang militar at pinansyal.

Mainam ang pag-anunsyo ng mga panel ng NDFP at GRP na magpapatuloy na rin ang usapang pangkapayapaan sa Enero 7, 2002.


Upang sumulong ang usapang pangkapayapaan, kinakailangang buuin ang Joint Monitoring Committee para subaybayan ang pagpapatupad ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights

and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Kagyat na ma-uumpisahan na ang negosasyon para sa mga sosyo-ekonomikong reforma at mabubuo ang mga kasunduan tungo sa paglutas ng mga saligang suliranng sosyo-ekonomiko ng bansa.

Gayunman, patuloy na nala-lagay sa alanganin ang usapang pangkapayapaan da-hil sa pangingibabaw ng kapasyahan ng militaristang pangkating pinamumunuan ni Gen. Angelo Reyes. Kina-kandili ni Macapagal-Arroyo ang mga militaristang pangkating ito at puspusang sinusuportahan ang pag-iibayo ng mga konsentradong operasyong militar laban sa rebolusyon at mamamayan.

Hinahadlangan ng mga militarista ang pagsusulong ng usapang pangkapayapaan sa pamamagitan ng paggigiit ng mga di makatarungang prekundisyon at iba pang sagka. Isinasangkalan nila ngayon ang "gera laban sa terorismo" ng US at pagsali sa BHB ng bagong listahan ng mga itinuturing ng US na mga terorista, samantalang ang BHB ay isang rebolusyonaryo at mapagpalayang hukbong kalaban ng terorismo at ang US pa nga ang siyang numero uno sa lahat ng mga terorista sa daigdig.

May usapang pangkapayapaan man o wala, patuloy na isusulong ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang buhay-at-kamatayang pakikibaka para pawiin ang ugat ng malawakang paghihikahos at kawalang-katarungan at itatag ang lipunang malaya, makatarungan, maunlad, masagana at nagtatama ng tunay at pangmatagalang kapayapaan. **AB**



National Socio-Economic Summit

Higit pang pasismo at pagtatali ng Pilipinas sa neokolonyalismo

I sang hudyat para sa ibayong pasismo at lalong pagsuko ng kasarinlang pang-ekonomya ng Pilipinas ang National Socio-Economic Summit na ipinatawag ni Macapagal-Arroyo nitong Disyembre 10. Tinipon dito ang mga pangunahing burukrata, teknokrata, kinatawan ng malaking burgesyang kumprador at lider ng mga dilawang unyon para diumano'y tukuyin at pagkaisahan ang solusyon sa krisis ng ekonomya. Ginamit ang pinagarbong okasyon upang palaganapin ang walang batayang optimismo sa hinaharap ng ekonomya ng Pilipinas.

Subalit wala itong inialok na bago. Inulit at sinagad lamang ang dati nang mga patakarang gumigipit sa mamamayan at naglalagay sa ekonomya sa kasalukuyang lugmok nitong katayuan. Sinikap nitong buuin ang konsensus sa pagpapa-

taw ng mga patakaran at batas na ibayong magtatali sa Pilipinas sa neokolonyal na katayuan nito. Kabilang dito ang panukalang batas para sa ibayo pang pribatisasyon at denasyunalisasyon ng mga empresa sa Pilipinas, pag-endorso sa mga

grupong vigilante at iba pa.


Para sa mamamayang Pilipino, laluna para sa masang manggagawa at magsasaka, walang ihahatid na anumang kaginhawaan, o panandaliang kaluwagan man lamang, ang mga resolusyon ng Economic Summit. Walang ibang ihahatid ang mga patakarang nais na patuloy na ipataw ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa bansa at sa mamamayan, kundi ibayong disempleado, mas matinding pagsasamantala sa mga manggagawa, mas malawak na dislokasyon sa kanayunan, kagutuman at pang-aapi sa mamamayang matagal nang hirap at api. **AB**

Special Purpose Assets Vehicle

Pagsagad sa neokolonyal na katayuan ng Pilipinas

I sa sa mga panukalang minamadaling isabatas ngayon sa kongreso ang Special Purpose Assets Vehicle (SPAV) na naglalayong pag-ibayuhin ang pribatisasyon ng mga pampublikong pang-ekonomyang ari-arian at ang denasyunalisasyon ng ekonomya ng bansa. Layon din nitong ikutan ang probisyon sa konstitusyon na nagbabawal sa mga dayuhang magmay-ari ng lupa sa Pilipinas.

Kapag naisabatas na ang SPAV, bubuo ang gubyerno ng isang kumpanyang bibili at mangangasiwa ng



sa mga indibidwal o korporasyon na hindi nakapagbayaad ng utang. Sa pamamagitan ng batas na ito, pahihintulutan ang mga dayuhan na bilhin ang mga nasabing ari-arian, kabilang ang *real estate* o mga lupain, sa higit na murang halaga.

Bibigyan din ang mga dayuhang mamumuhunan ng iba't iba pang insetibo, kabilang na ang paglilibre sa pagbayad ng iba't ibang buwis.

Kapag natuloy, ang SPAV ay magiging isa sa pinakagarapal na mga instrumento sa pagbabaon ng Pilipinas sa mas malalim na hukay ng neokolonyalismo.

Ang paghahapag ng panukalang batas na ito ay isang desperadong hakbangin ng naghaharing rehimeng sa harap ng seryosong kasalatan sa pondo para sa pagpapatakbo

Kapag natuloy, ang SPAV ay magiging isa sa pinakagarapal na mga instrumento sa pagbabaon ng Pilipinas sa mas malalim na hukay ng neokolonyalismo.

ng pambansang gubyerno at mga proyektong pampasiklab at umano'y pampasikad ng ekomya. Nasa napakalubhang antas na ang kakulangan ng pondo ng pambansang gubyerno matapos ang pagbag-sak ng kabuuang produksyon; pag-

hihigpit ng dayuhang pautang sa nakaraang mga taon; pagtumal ng pasok ng dolyar mula sa mga OCW; at pagkasaid ng mga pang-ekonomyang pag-aari ng estado bunga ng malawakang pagsusubasta ng mga ito mula pa noong 1992. **AB**

Pambansang badyet para sa 2002

Pondo para sa pasismo at pagpapakatuta

Ang P780.8 bilyong pambansang badyet para sa taong 2002 ay sumassalamin sa pinag-iibayong pasismo at pagkapet ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Dinagdanan nang 27% ang badyet ng militar at pulis samantalang 40.1% (o P44.3 bilyon) ang idaragdag sa awtomatikong alokasyon sa pagbabayad sa utang panlabas. Ang pambayad sa utang panlabas ang kumain ng pinakamalaking bahagi ng badyet. Umabot ito sa P359.8 bilyon o 46% ng kabuuang badyet. Ibig sabihin, P986 milyon ang aaksayahin araw-araw sa pagbabayad sa di napakinabangang utang panlabas. Ang

kabuuang badyet para sa Department of National Defense, AFP at PNP ay mahigit P100 bilyon o halos 12.8% ng kabuuang badyet. Ibig sabihin, P274 milyon ang lulus-tayin araw-araw para patabain ang pasistang makinarya.

Samantala, 6.7% lamang ang idinagdag sa badyet sa edukasyon at 6.4% sa kalusugan. Sa kabilang mga programang pabahay na ipinagyayabang ni Macapagal-Arroyo, ang badyet



na inilaan dito ay babawasan pa nang 10%. Ang inilaan lamang para sa kalusugan ay P0.35 bawat tao, bawat araw, para sa edukasyon ay P3.00, at para sa pabahay P0.05. Habang bukambilig nito ang reforma sa lupa, binawasan naman nang mahigit 30% o mahigit P3 bilyon ang badyet na nakalaan sa Department of Agrarian Reform. **AB**

Krisis sa ekonomya

Ilang mahalagang datos

Pagbagsak ng pamumuhunan

Bumagsak nang 57% ang pamumuhunan kapwa sa pampubliko at pribadong kumpanya sa mga *economic zone* sa unang 11 buwan ng taon. Nasa pinakamababang antas ito ngayon mula 1996. Umabot lamang sa \$1.3 bilyon ang kabuuang direktang dayuhang pamumuhunan sa unang siyam na buwan ng taon; mula \$1.7 bilyon noong Enero-Setyembre 2000. Samantala, umabot sa \$2.9 bilyon ang kapital na lumabas sa ekonomya hanggang katapusan ng Setyembre.

Pagbagsak ng produksyon

Nitong Oktubre bumagsak ang manupaktura nang 10.1% kumpara sa nakaraang taon. Ito ang ikapitong buwan mula nang nagsimulang tuluy-tuloy na bumagsak ang manupaktura sa bansa noong Pebrero. Sanhi ng pagbagsak ng produksyon ang pagbulusok ng konsumo sa bansa at ng pamilihan ng mga produktong pang-eksport. Pinakamalalang tinamaan ng pagbagsak ng produksyon ang mga produktong gumagamit ng petrolyo, mga inumin, mga produktong gawa sa bakal at iba pang mineral, papel at mga produktong gumagamit ng papel, mga produktong gumagamit ng goma at iba pang produkto ng manupaktura. Ang nagagamit lamang na kapasidad para sa manupaktura ay 75.9%. Mahigit 40% ng mga empresa ay nakagagamit lamang ng kulang 70% ng kanilang kapasidad para sa manupaktura.

Pagsasara ng mga empresa

Umabot na sa 2,294 ang mga nagsarang empresa hanggang Oktubre. Mas marami ito nang 20% kumpara sa nagdaang taon.

Pagbagsak ng eksport

Noong Setyembre, bumagsak nang 22% ang

taunang kita sa eksport ng Pilipinas. Sa panahong Enero-Oktubre, bumagsak ito nang 14% kumpara sa parehong panahon noong 2000. Bunsod ito ng 22.3% pagbagsak ng eksport ng mga produktong elektronik; at 4.4% ng mga tela at kasuotan.

Disempreyo

Sa unang 10 buwan ng rehimeng Macapagal-Arroyo, umaabot nang 111,080 ang bilang ng mga manggagawang permanenteng natanggal sa trabaho. Mas mataas ito nang 16.3% sa parehong panahon noong 2000. Labing-apat na porsyento (14%) rito ang tinanggal sa loob lamang ng Oktubre. Umabot naman sa 54,549 ang mga manggagawang temporaryong tinanggal sa trabaho, inilagay sa *job rotation* o binawasan ng oras ng trabaho sa unang 11 buwan ngayong taon.

Ang malawakang dislokasyon sa trabaho ay dulot ng pagbagsak ng pamilihan, reorganisasyon, *downsizing* sa mga empresa. (*Tingnan ang artikulo hinggil sa disempreyo.*)

Deposit sa badyet

Tinatayang lalagpas ang deposit sa badyet ng gubyerno mula sa orihinal na target na P145 bilyon para sa taong 2001. Noong Setyembre, lumagpas na ito sa P1.95 bilyon. Noong taong 2000, umabot ito sa P134.2 bilyon. Dahil dito, binawasan na ng gubyerno nang 3.5% ang gastos nito noong ikatlong kwarto na lalong magpapabagal sa ekonomya.

Utang

Dahil wala nang ibang alam na masulingan ang gubyerno kundi ibayong pangungutang, lumaki nang P286 bilyon ang utang nito sa unang siyam na buwan ng taon, 14% na mas mataas kumpara sa halaga nitong P2.035 trilyon noong 2000. **AB**

Ang salamangka sa datos ng disempleyo

Pinagmamalaki ng gubyerno na mula Oktubre 2000 hanggang Oktubre 2001, nagkaroon ng karagdagang 2.3 milyong bagong hanapbuhay. Dahil dito, lumiliit diumano ngayon ang tantos ng walang trabaho mula 10.1% tungong 9.8%.

Mahalagang palalimin ang pag-susuri sa mga datos sa likod ng mga estadistikang ito upang mapaghilwalay ang mistulang paghusay ng kalagayan sa empleyo at ang kato-tohanan ng lumalalang kawalan ng makabuluhang empleyo sa bansa.

Unang-una, mahigit 80% ng sinasabing may bagong empleyo ay nasa sektor ng agrikultura (900,000) at serbisyo (1.2 milyon). Mga 237,000 lamang ang nasa sektor ng industriya. Sa kabuuan ng empleyo, bumaba nang mula 16% tungong 15.6% ang bahagi ng industriya. Katunayan, aabot sa 111,080 manggagawa mula sa pribadong sektor ang tinanggal sa trabaho mula Enero hanggang Oktubre 2001—mahigit kalahati nito (50.9%) ay permanente, samantalang 49.1% naman ang inilagay sa *job rotation* o pagbabawas ng oras ng trabaho.

Ang higit na paglaki ng “empleyo” sa larangan ng agrikultura at serbisyo habang lumiliit naman ang empleyo sa industriya ay nagdidiin sa atrasadong agraryong katangian ng ekonomya at sa kawalan ng matatag na sektor industriyal sa bansa. Isa itong kabalintunaan, kung tutuusin, dahil habang walang tunay na industriya sa bansa, hindi

rin maaaring maitaas ang kaka-yahan ng sektor ng agrikultura at serbisyo na lumikha ng tunay na empleyo.

Sa 2.3 milyong umanong may bagong hanapbuhay, 739,000 ay mga *unpaid family worker* (mga narehistrong nagtatrabaho para sa pamilya nang walang sweldo) at 1.2 milyon ay mga *own-account worker* (mga nag-eempleyo sa sarili na sa kalakha'y mga walang regular na empleyo)!

Mula sa mismong estadistika ng gubyerno, lumalabas din na ang sinasabing dalawang milyong netong pagdami ng empleyo ay ang maramihang pagpalit sa mga panapanahong manggagawa sa mga dating buong-panahong manggagawa dulot ng “pleksibilidad ng paggawa”, “kaswalisasyon”, “labor only contracting” at iba pang antimanggagawang iskema ng mga kapitalista at ng gubyerno. May 2.8 milyong bagong mga kaswal, kontraktwal, apprentis at iba pang partaym na manggagawa, habang 757,000 buong-panahong manggagawa naman ang tinanggal sa trabaho. Lumiliit ang bilang ng mga manggagawa habang mabilis na lumalaki ang bilang ng mga malamanggagawa. Kung tutuusin, ang



kalakhan ng nalilikhang “empleyo” ay pawang di istable, di makabuluhang sumasabit lamang sa laylayan ng ekonomya. Sa bilang na 10.9 milyon, ang mga partaym na manggagawa—na kung tutuusi'y mga malamanggagawa—ay bumubuo ngayon nang mahigit 37% ng kabuuan ng empleyo sa bansa.

Pinatatampok ng mga ito ang sa kalakha'y di industriyal, di makabuluhang at pansamantalang katangian ng employong nililikha ng malakolonyal at malapyudal na ekonomya ng Pilipinas. Isa itong saligang palatandaan ng nagpapatuloy at lalong lumalalang atrasadong kalagayan ng ekonomya ng Pilipinas.

Ang nagpapatuloy na lugmok na katayuan ng ekonomya, kawalan ng pambansang industriya at bagsak ng produksyon ay magdudulot ng walang iba kundi patuloy at ibayong pagbagsak ng makabuluhang empleyo sa bansa. **AB**

Resesyon sa US, Japan at Germany

Krisis sa mga sentro ng kapitalismo

Sa kauna-unahang pagkakataon mula noong dekada 1970, ang tatlong sentro ng kapitalismo ay sabay-sabay na lumubog sa resesyon. Sunud-sunod na nag-anunsyo noong katapusan ng Nobyembre at simula ng Disyembre ang mga gubyerno at upisyal ng US, Germany at Japan na tumigil o lumiit ang produksyon ng kani-kanilang mga ekonomya sa nakaraang anim na buwan. Kasabay nito, iniulat ng Organization for Economic Cooperation and Development (OECD) na ang 30 pinakamalalaking ekonomya sa mundo ay lumiit sa nakaraang anim na buwan—sa kauna-unahang pagkakataon sa nakaraang 20 taon. Bago ito, sabay-sabay na dumausdos sa malalim na krisis sa ekonomya ang maraming bansa sa Ikatlong Daigdig matapos pumutok ang krisis pampinansya noong 1997.


Ang resesyon ng resesyon, na umabot na sa US, ang mismong sentro ng pandaigdigang kapitalismo, ay bunsod ng krisis ng sobrang produksyon, laluna sa elektroniks at telekomunikasyon. Pinalulubha ng resesyon ng resesyon ang krisis sa mga malakolonya, kabilang ang Pilipinas, na sa kalakha'y nakaasa pangunahan sa US at Japan bilang mga pamilihan ng mga industriyang nakatuon sa eksport.

Ang ekonomya ng US ay bumubo ng sangkapat (1/4) ng kabuuang pandaigdigang produksyon. Dito'y umabot na sa 5.7% ang tantos ng disempleyo, ang pinakamalaki sa nakaraang anim na taon. Mahigit 7.7 milyong manggagawang Amerikano ang walang hanapbuhay kabilang ang 732,000 tinanggal sa trabaho nitong nakaraang mga buwan. Nananatiling malaki ang imbentaryo ng di mabentang kala-

kal. Isinagad na sa 1.75% ang interes sa pautang (ang pinakamababa sa nakaraang 40 taon) mula 6.5% sa simula ng 2001, sa hangaring mag-udyok ng produksyon at pagkonsumo.

Mahigit nang isang dekadang hindi umuusad ang ekonomya ng Japan. Pumasok muli ito sa resesyon matapos magrehistro ng 2.2% na pag-atras ang ekonomya nito noong Setyembre 2001. Ito ang ikalawang resesyon mula noong 1998 at inaasahang tatagal ito hanggang Marso 2003. Umabot na sa 5% ang tantos ng disempleyo. Ibig sabihin, 3.3 milyong manggagawa ang walang hanapbuhay. Pinakamataas na ito mula noong katapusan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Inaasahang aabot pa sa 5.7% ang tantos ng disempleyo sa katapusan ng 2002. Tanda ng krisis ng sobrang produksyon, bumagsak nang 57.9% ang taunang sarplas sa kalakalan ng Japan noong Hulyo. Nasa pinakamababang antas mula 1984 ang pangunahing *stock market* (Nikkei) sa Japan.

Kasabay nito, iniulat nitong simula ng Disyembre na umabot na sa 9.2% ang tantos ng disempleyo sa Germany. Sa kabuuhan, 3.289 milyon ang walang hanapbuhay, kabilang ang 45,000 manggagawang nawalan ng hanapbuhay noon lamang buwan ng Nobyembre. Siyam na buwan nang tuluy-tuloy na lumalaki ang bilang ng walang hanapbuhay. Lumiit nang 0.1% ang produksyon sa Germany nitong Hulyo-Setyembre 2001 at inaasahang lalo pa itong babagsak sa huling kwarto ng taon. **AB**



Nakapamamayagpag pa rin si Danding sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo

Walang tigil na nagmamaniobra at patuloy na namamayagpag si Eduardo “Danding” Cojuangco Jr., pinakamakapangyarihang kroni ni Marcos at padrino ni Estrada. Binubuo sa pagitan ng gubyernong Macapagal-Arroyo at ng kampong Cojuangco ang mga aregluhang nagtitiyak sa patuloy na paghawak nina Cojuangco sa pondong *coco levy* (buwis sa niyog), kontrol niya sa San Miguel Corporation at suporta ng gubyerno sa malawakan niyang pangangamkam sa daan-daang libong ektarya ng lupain mula sa Isabela hanggang Negros at Mindanao.

Tulad ng dati, minamantine at pinalalawak ni Cojuangco ang kanyang imperyong pang-ekonomiya sa pamamagitan ng pakikipagsabwatan sa sinumang nakaluklok na rehimen, mga tusong maniobra, burukratikong katiwalian at pasi-tang karahasan. Sa desperasyon namang makabig ang suportang pampinansya at pampulitika ni Cojuangco para sa eleksyon 2004, walang kahiyang nakikipagkutsabang rehimen sa kanya.


Lihim na kasunduang makakojuangco. Noong Oktubre 28, lihim na nakipag-areglo ang rehimeng Macapagal-Arroyo sa kampo ni Cojuangco para magpakana ng kasunduang kunwa'y nagtutugma sa interes ng magkabilang panig kaugnay ng pag-aari sa pondong *coco levy*. Umabot na sa P130 bilyon ang kabuuang halaga ng pondong ito. Patuloy na sinasarili at sinasamantala ito nina Cojuangco.

Gustong bawiin ng mga magsasaka sa niyugan ang kabuuan nito, dahil naipon ito sa pamamagitan ng buwis na binayaran nila mula 1973 hanggang 1982. Nilayon ng rehimen na gawing upisyal ang lihim na aregluhan sa pamamagitan sana ng isang bagong Executive Order.

Sa lihim na aregluhan, ang P50 bilyong bahagi ng pondong *coco levy* (27% ng sapi ng SMC) ay ibebenta at gagawing *trust fund* (pondong naka-seguro sa bangko) para umano sa rehabilitasyon ng agrikultura ng niyog. Ang mamahala sa naturang *trust fund* ay ang Philippine

Coconut Producers’ Federation (COCOFED), sa ngalan umano ng mga magsasaka. Ang COCOFED ay hindi organisasyon ng mga mag-sasaka kundi ng malalaking panginoong maylupa at burges kumprador na may negosyo sa niyog. Pinamumunuan ito ni Maria Clara Lobregat, ang pangunahing kasa pakat ni Cojuangco sa aregluhan. Sa gayon, mananatili sa kamay nina Cojuangco ang pagmamaniobra sa gamit at pakinabang ng pondong ito.

Sumingaw ang baho ng kasunduan at umani ito ng malakas na pagtutol mula sa mga organisasyon ng mga magsasaka, mga demokratikong organisasyong masa at mamamayan. Maging ang Presidential Commission on Good Government ay naggiit na ang pondong *coco levy* ay hindi pribado kundi pampublikong pondong. Kaakibat ng bagong kasunduan, ibinulgar ng People’s Consultative Assembly (dating kalyado ni Macapagal-Arroyo sa EDSA 2)



na magbibigay si Cojuangco ng malaking kabayaran para magamit ni Macapagal-Arroyo sa halalan sa taong 2004 at iba pang balak. Sa pag-ulan ng higit na batikos, napilitan si Macapagal-Arroyo na isaisantabi ang aregluhan.

Pondong pampubliko. Tuluyan nang nawalan ng ligal na batayan ang lihim na aregluhan nina Macapagal-Arroyo at Cojuangco nang ideklara ng Korte Suprema nitong Disyembre 14 na pampubliko ang pondong *coco levy*. Kaa-kibat nito, lahat ng pinuhunanan mula rito ay hahawakan na ng gubyerno, kabilang ang UCPB at

ang sekwestradong 27% sapi ng SMC. Sa gayon, maibabalik sa gubyerno ang ganap na pag-aari at kontrol sa UCPB at ang limang pwesto sa SMC na kinakatawan pa rin ng mga tauhan ni Estrada.

Subalit hindi pa rin mapakikinabangan ng mga magniniyog ang mga ito. Hindi sila bibigyan ng direktang kontrol at boses sa gamit ng pondo. Sa halip, mapapailalim lamang ang mga ito sa kontrol ng malalaking burukrata at mga burges kumprador sa gubyerno na malalapit sa rehimen. Gagamitin lamang ang pondong ito para sa ibayong burukratikong korapsyon

at sa mga bogus at anti-magsasakang proyektong nagpapanggap na nagbibigay-tulong sa mga magniniyog.

SMC, kay Danding pa rin. Dahil idineklara nang pampubliko ang pondong *coco levy*, umano'y ang mananatili na lamang na makontrol ni Cojuangco sa SMC ay ang inaangkin niyang 20% sapi na katunaya'y nakaw na yaman din. Kaya ilang oras bago ang deklarasyon ng Korte Suprema, nagmaniobra na si Cojuangco upang matiyak ang kanyang kontrol sa SMC. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo*) **AB**

Kasunduang SMC-Kirin

Maniobra para konsolidahin ang kontrol ni Danding sa SMC

Patuloy na makapangingibaw si Danding Cojuangco sa San Miguel Corporation (SMC) sa pinakabagong pakikipagkasundo nito sa Kirin Brewery, isang monopolyong korporasyong Hapones. Ibinenta ni Cojuangco sa Kirin ang 443 milyong bagong sapi na nagkakahalaga ng \$540 milyon (P27.88 bilyon) o 15% ng kumpanya. Maniobra ito ni Cojuangco para patuloy at mas matatag niyang makontrol ang SMC. Matapos ang sandaling alingasngas, buung-buong sinuportahan ito ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Ang paglalabas ng mga bagong sapi ng SMC ay magpaparami ng kabuuang sapi kaya liliit ang porsyentong hawak ng mga kasalukuyang may-ari ng mga sapi rito. Dulot nito, lalabnaw ang

angking bahagi ng gubyerno at hihina ang pusisyon nito sa lupon ng mga direktor ng kumpanya. Ang porsyento ng mga sekwestradong sapi na hawak ng gubyerno ay liliit mula 27% patungong 24%.



Ang 11% pang sapi ng gubyerno sa pangalan ng SSS at GSIS ay magiging 9.6%. Kaya ang kabuuang bloke ng mga sapin gawin hawak ng gubyerno ay magiging 33.6% na lamang mula sa dating 38%.

Ang tuwirang hawak ni Cojuangco sa SMC ay liliit din mula 20% tungong 17.4%. Pero sa ilalim ng kasunduan, obligadong sangayunan ng Kirin ang lahat ng boto ni Cojuangco sa lupon kaya magkakaroon ng 37.4% minimum na solidong kontrol si Cojuangco sa kumpanya, mas malaki na kaysa sa

gubierno. May 30% pang blokeng kinakatawan at sa gayo'y nasa kontrol ng maneydsment ng SMC. Binubuo ito ng pondo para sa pagreretiro ng mga manidyer at employado ng SMC at ng maliliit na nagmamay-ari ng mga sapi sa SMC. Sa pagdagdag pa nito sa solidong blokeng Cojuangco-Kirin, makokontrol nila ang 67.4% ng mga sapi ng SMC at boto sa lupon ng mga direktor nito.

Dahil ang malalaking blokeng ito ay may kaukulang bilang ng pwesto sa 15-kataong lupon ng mga direktor sa SMC, susi sa mahigpit na labanan para sa kontrol ng SMC ang bilangan ng boto sa lupon. Bunga ng pagbenta sa Kirin ng 15% sapi sa kumpanya,

makakapagpwesto ang Kirin ng dalawang kinatawan sa lupon nito. Sa ilalim ng kasunduan sa naturang bilihan, sa loob ng limang taon ang dalawang kinatawan ng Kirin at ang kasalukuyang tatlong kinatawan ni Cojuangco ay obligadong bumoto nang magkasanib. Gayundin, obligado ang Kirin na unang ialok kay Cojuangco ang mga sapin gawak nito sakaling magdesisyon itong ibenta ang bahagi nito sa kumpanya. Ang *retirement fund* at iba't ibang maliliit na mga *stockholder* sa SMC ay may tatlong botong *proxy* (kinatawan) na gawak ng tatlong kinatawan ng maneydsment sa lupon kayat gawak din ni Cojuangco. Sa minimum kung gayon, may

kontrol si Cojuangco sa walang boto sa lupon. Lamang ito nang isa sa pitong boto ng bloke ng gubierno, kahit pa man ang limang maka-Cojuangco na kinatawan nitong hinirang pa ng pinatalsik na presidente Estrada ay mapalitan na ng mga kinatawan ng PCGG.

Sa halip na tutulan ang maniobrang ito ni Cojuangco, pinuri pa ito ni Macapagal-Arroyo bilang "unang mayor na direktang dayuhang pamumuhunan" sa bansa nitong taon. Inianunsyo pa ni Macapagal-Arroyo na hindi nito nais na palitan si Cojuangco sa pamumuno ng SMC. Dahil dito, nagiging pala-bas na lamang ang anupamang hakbangin ng gubierno na gawakan ang SMC. **AB**


Pinakamalaki sa kasaysayan ng papet na republika

Danding, nangangamkam ng lupa sa Isabela

Habang umaalingawngaw sa buong bansa ang isyu ng paninibasib ng burges-kumprador at kroni nina Marcos at Estrada na si Eduardo "Danding" Cojuangco Jr. sa usapin ng *coco levy* (buwis sa niyog) at mga maniobra para sa patuloy na pagkontrol sa San Miguel Corporation (SMC), tumatampok naman sa Hilagang Luzon, Negros at Mindanao ang agresibo at malawakang pangangamkam ni Cojuangco sa lupa ng mga magsasaka.

Nagaganap ngayon sa hilagakanlurang Isabela ang pinakamalaking kaso ng pangangamkam at sapilitang pagpapalit-gamit ng lupa sa kasaysayan ng papet na

republika. Ayon sa ulat koresponsal mula sa Larangang Filomena Asuncion ng Bagong Hukbong Bayan sa Isabela, sumasaklaw ito sa



150,000 hektaryang lupa sa mga bayan ng Mallig, Quezon, Delfin Albano, Sto. Tomas, Sta. Maria, Quirino at iba pang karatig na bayan. Ipinapatupad ito ni Cojuangco sa pamamagitan ng SMC na kasalukuyang nasa kontrol at pamamahala niya.

Ibinubunsod ng malawakang pangangamkam ni Cojuangco ng lupa ang paglaban ng libu-libong mamayan sa kapatawan ng hilagang-kanturang Isabela. Bunga nito, mabilis na lumalawak ang mga lihim na organisasyong masa, gayundin ang mga hayag na organisasyon ng mga magsasaka, kababaihan, kabataan, mga propesyunal at multisektoral na mga pormasyon. Sumusulong ngayon ang iba't ibang anyo ng paglaban sa iskema ni Danding—armado at di-armado, ligal at iligal.

Gayon na lamang ang pagtutol ng mga setler-magsasaka sa lugar dahil ang mga lupaing sinasaka nila ay sinasaklaw na ng dambuhalang plantasyon ng kamoteng kahoy ng SMC sa tinaguriang Mallig Plains. Sa iskema ng SMC, ipasasaisantabi sa mga magsasaka sa kapatawan ng Mallig ang pagtatanim ng mga dati nilang produkto upang maging mga *contract growers* ng kamoteng kahoy para sa SMC. Magiging malaking usurero-panginoong may-



lupa ang SMC dahil pauutangin nito ng abono, pestisido at iba pang *farm inputs* (pangangailangan sa pagsasaka) ang mga magsasakang kokontratahin nitong magtanim ng kamoteng kahoy. Ang aanihing kamoteng kahoy ay gagawing arina sa pabrikang itatayo naman sa bayan ng Quezon. Balak din ng SMC na magtayo ng pagawaan ng *feeds* sa lugar. Obligadong ibenta ng mga magsasaka ang kanilang ani sa SMC, sa presyong itinakda nito. Ang SMC ang magpoproseso nito para maging arina at pakain sa hayop.

Kakutsaba ng SMC sa proyektong ito si Faustino Dy Jr., kongresman ng ikalawang distrito ng Isabela, at ang Department of Agrarian Reform (DAR). Lubos na sinusuportahan ng lokal na reak-

syunaryong gubyerno ang proyekto sa pamamagitan ng pagtatayo ng kaukulang imprastruktura para rito.

Upang makapanlinlang at mapadulas ang pag-angkin ng SMC sa lupa ng mga magsasaka, nagtayo ito ng bogus na koooperativa, ang Valley Planters Development Corp. (VPDC) at ipinaloob dito ang mga magsasakang kinontratang magtanim ng kamoteng kahoy. Ang VPDC ang siya ngayong kinikilala ng DAR na benepisyaryo ng “reporang ag-

raryo” sa lupang saklaw ng proyekto. Dahil dito, magigipit at magugutom kung hindi man tahanang mapapalayas ang sinumang hindi pumayag sa iskema ni Cojuangco. Aabot sa 100,000 setler-magsasaka na malaon nang nagbubungkal ng lupa rito, ang mabibiktima ng proyektong ito.

Mula nang simulan ng SMC ang proyekto noong isang taon, umabot na sa 29,000 hektarya ang nakamkam nito. Hindi pa kabilang dito ang humigit-kumulang 3,000 hektarya sa Barangay Santiago, Quirino na ipinabuldoser na ng SMC para gawing *nursery* (punlaan) ng kamoteng kahoy.

Nakatalaga na rin ngayon ang isang kumpanya ng 45th IB para bantayan ang pagpapatupad ng proyekto. **AB**



Rebolusyong agraryo, umaani ng tagumpay sa Isabela

PATUOY NA UMAANI NG TAGUMPAY ANG KAMPANYA SA REBOLUSYONG agraryo sa iba't ibang larangang gerilya sa Isabela.

SA LARANGANG REYNALDO PIÑON sa hilagang-silangang Isabela, tina-tayang 6,000 pamilya sa 40 baryo ng dalawang bayan ang nakinabang sa iba't ibang forma ng pakikibakang antipyudal:

Naitaas ang presyo ng bawat kilo ng mais nang hanggang 60% (mula P4.50-5.00 tungong P7.20).

Nadagdagan ng P10 hanggang P20 ang presyo ng bawat isang daang pirasong saging at napatigil ang pandaraya sa pagbibilang.

Matagumpay na naibaba nang 50% ang interes sa pautang (mula 30-40% tungong 15-20% bawat anihan).

Matagumpay ding nahadlangan ng mga magsasaka ang mapan-linlang na *reforestation project* ng DENR sa isang kulumpon ng pitong baryo sa isang bayan, na magpapaalis sa 1,000 pamilya sa kanilang mga sakahan.

Sa isa pang sityo sa parehong bayan, napigilan ng mga ma-

tagal nang nagsasaka sa lugar ang pagpapasarbey, pagpaparsela at pagpapatitulo ng mga lupa ng isang panginoong maylupa para ipama-hagi sa kanyang mga anak.

Sa isang barangay sa San Mariano, tumaas ang kita ng mga manggagawang bukid na naglilinis ng sakahan dahil ibinabatay na ang bayad sa dami ng *iras* o hilera ng tanim na nalilinisan sa halip na arawan.



Naibaba ang upa sa *corn sheller* (makinang naghiiwalay ng butil ng mais mula sa busil) nang P2 bawat sako (mula P10/sako tungong P8/sako).

Sinisikap ding bakahin ng mga magsasaka ang mapagsamantalang paraan ng pagpepresyo sa mais at palay, kung saan ibinabawas ang 20-50 sentimo bawat kilo dahil sa *resiko* o inaasahang bawas sa timbang kapag natuyo na ang butil.

SA LARANGANG BENITO TESORIO sa timog Isabela, organisadong nilabanan ng mga magsasaka sa isang baryo ang sabwatan ng kaptan ng kanilang barangay at ng mangangapital na panginoong maylupa na agawin ang kanilang mga sakahan upang tamnan ng Gmelina.

SA LARANGANG FILOMENA ASUNCION sa hilagang-kanlurang Isabela, matagumpay na naisulong sa isang kulumpon ng mga baryo ang pag-papataas nang 16.7% sa pak-yawang sahod ng mga nagtatanim ng palay. Naitaas din ang bayad sa pag-sikka o pagbubunot ng punla, mula 20 sentimos tungong 25 sentimos bawat *kirkir* o bungkos ng punla. Isang daang pamilya ang kagyat na nakinabang dito.

Sa parehong kulumpon ng mga baryo, naibaba ang upa sa *thresher* mula P10.00 tungong P7.00 bawat sako ng palay. **AB**

Ka Haren at Ka Baste

Rebolusyonaryong kagitingan sa harap ng kaaway


HAPON NG OKTUBRE 9, 2001 NANG MAKENGKVENTRO NG MGA TROPA ng 50th IB ang isang yunit ng Alfredo Cesar Command ng BHB sa Ilocos Sur na nakadeploy sa San Gaspar, Salcedo. Sa naganap na labanan, nasawi ang dalawang kasama at nasugatan ang isang pasistang tropa ng kaaway.

Si Ka Baste (Victorino "Bong" Madarang) ang namumuno sa yunit. Siya ang unang nakakuha ng ini-syatibang magpaputok at naka-tama sa isang pwersa ng kaaway. Pagkatapos bumagsak ang natamaang sundalo, sumunod ang sagot ng masinsing putok mula sa kaaway. Ikinumand ni Ka Baste sa yunit na umatras. Habang nagmamaniobra ang mga kasama para umatras, magiting na humarap at nakipag-palitan ng putok si Ka Baste sa umaatakeng kaaway sa layuning bulabugin ang disposisyon at *i-pin down* sila. Sa palitan ng putok, natamaan sa dibdib si Ka Baste. Sa kanyang huling lakas at hininga, nagawa pa rin niyang ibilin sa mga kasama na kunin ang kanyang baril at mga gamit at igiit sa kanila na "ipagpatuloy ninyo ang laban."

Samantala, si Ka Haren (Glory Bangtuan), ay sumunod kay Ka Baste upang sumuporta sa pag-*pin down* sa kaaway. Sa palitan ng putok ay nadaplisin siya sa sentido.

Si Ka Haren ay buhay pa nang makuha ng kaaway. Tinangka ng ilang tagabaryo na lapatan siya ng *first aid* subalit pinigilan sila ng mga sundalo. Sa halip, sinadya ng mga berdugong kaaway na maibusan ng dugo si Ka Haren at mahirapan sa magdama. Huli na nang dalhin siya sa ospital *kinabukasan*. Ayon sa isang doktor na tumingin kay Ka Haren, hindi sana siya namatay kung agad siyang nabigyan ng karampatang atensyon medikal.

Nang kapanayamin ng midya, lantarang kasinungalingan ang sinabi ng militar na hindi nila kinayang dalhin agad sa ospital si Ka Haren dahil nadala naman agad sa pagamutan ang sundalong nasugatan sa labanan.



Ang bangkay naman si Ka Baste ay walang kahabag-habag na tinadtad ng bala. Dalawang tama sa dibdib ang kanyang ikinamatay, subalit nang makuha ng kanyang mga kamag-anak ang bangkay niya, mula ulo hanggang paa ay tagostagusan ito ng mga sugat.

Mariing kinundena ng Alfredo Cesar Command ang sadyang pagkakait ng serbisyo medikal sa *hors de combat* na si Ka Haren at ang ginawang paglapastangan sa bangkay ni Ka Baste. Ang mga ito ay walang pakundangang paglabag sa mga internasyunal na alituntunin sa digma, ang Protocol I at II ng Geneva Conventions. Paglabag din

ito sa Comprehensive Agree-

ment on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Malinaw na isinasaad sa mga kasunduang ito na ang mga magkatunggaling pwersa ay obligadong magkaloob ng karampatang atensyon medikal sa mga nadarakip o nasusugatan sa labanan na wala nang kakayahang lumaban. Mahigpit nitong ipinagbabawal ang pagtortyur at pagsalbeyds at ang paglapastangan sa mga bangkay.

Nagbigay-pugay ang Alfredo Cesar Command sa kagitingan at kapatangang ipinamalas nina Ka Baste at Ka Haren, na hinirang nilang mga tunay na bayani ng rebolusyon. Ibayong kumikinang ang kanilang kagitingan sa harap ng pag-aasahayop ng reaksyunaryo at kinamumuhiang AFP. **AB**

Paglilinaw hinggil sa kalagayan ng mga bihag ng digma sa Dulong Timog Mindanao

TINIYAK NG VALENTIN PALAMINE COMMAND (VPC) NG BHB-DU-long Timog Mindanao na mahusay ang kalagayan ng mga bihag ng digmang sina Sgt. Jeremias Rosete Jr., Pepito Simbulan, Wilfredo Maldecir at Herminia Sorongan Maldecir. Ang mga ito ay inaresto noong Setyembre 4 sa Barangay Lam-alis, Columbio, Sultan Kudarat sa aktong pang-eespiya laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Ayon kay Ka Dencio Madrigal, kumander ng VPC, ang apat na bihag ay may hinaharap na kasong paglabag sa mga pandaigdigang alituntunin ng digma.

Tinitiyak ng VPC na ang proseso ng paglilitis sa mga bihag ay naaayon sa mga ligal at hudisyal na sistema't proseso ng Demokratikong Gubyernong Bayan at mga probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Tinatamasa nila ang makataong pagtrato

at dumadaan
sa karam-
p a t a n g
proseso
ng pagli-
litis. Pinagsisika-
pan din ng mga kasama
na bigyang-atensyon ang
mga partikular na pangangaila-
ngang medikal ni Sgt. Rosete.

Sa kasalukuyan, pinaghahan-
daan na ng NDFP *negotiating
panel* ang pagpapalaya sa apat na
bihag matapos makatanggap ng
kahilingan para rito mula sa GRP

Tinitiyak ng VPC na ang proseso ng paglilitis sa mga bihag ay naaayon sa mga ligal at hudisyal na sistema't proseso ng Demokratikong Gubyernong Bayan at mga probisyon ng (CARHRIHL). Tinatamasa nila ang makataong pagtrato at dumadaan sa karampatang proseso ng paglilitis.

noong Nob-
yembre.

Inilantad rin ng VPC ang pag-ingting ng mga operasyong militar ng

AFP sa Dulong Timog Mindanao, laluna sa walong bayang sakop ng Western Mining Corporation na kinikilusan din ng rebolusyonaryong pwersa. Dahil dito, dalawang beses nang napaengkwentro ang pwersang nangangalaga sa mga bihag. Iginiiit ni Ka Madrigal ang pagpapatigil ng mga ito upang di malagay sa peligro ang buhay ng mga bihag ng digma at iwasang maulit ang sinapit ng dating bihag ng digma na si P/CI Abelardo Martin noong Marso 8 sa Timog Katagalugan. **AB**



Labing-isang buwang kalbaryo ng militarisasyon sa kanayunan

Malala ang rekord ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa paglabag sa karapatang-tao sa kulang isang taong pagkakapwesto sa Malakanyang. Ayon sa Karapatan, umaabot na ito sa 544 kaso ng paglabag. Kabilang dito ang 137 kaso ng arbitraryong pang-aaresto at detensyon; 38 kataong namatay sa 9 kaso ng masaker; 39 kataong sinalbeyds at 77 kaso ng pagtotorturyo. Dulot ito ng walang habas na pananalasa ng mga elemento ng AFP at PNP sa mga mamamayan sa pagpapatupad ng Oplan Makabayan/Oplan Balangai.

Ang Basilan at Southern Tagalog, partikular ang isla ng Mindoro ang dumanas ng malalaking konsens-trasyon ng operasyong militar at pinakamatinding pananalanta ng pasismo ng estado nitong taon. Nagdulot ang mga ito ng kabi-kabilang pagpapahirap sa mga sibil- yang napagbibintangan at nadadmay sa mga abuso ng mga nana-lantang pwersang militar.

Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga pinakahuling paglabag ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa karapatang-tao:

DISYEMBRE 15. Sinampahan ng gawa-gawang kaso sina Felix Robregado, Gerard Mendoza at Iner Bulusan kaakibat ng pagkapatay kay dating Cagayan Rep. Rodolfo Aguinaldo. Arbitraryong kinasuhan si Felix Robregado dahil nakuha daw ng mga pasista ang kanyang ID sa malapit sa pinangyarihan ng pagpaparusa kay Aguinaldo. Sa katunayan, ilang taon nang



pinagbibintangan ng mga militar si Robregado sa maraming kaso. Samantala, dinukot sina Mendoza at Bulusan, mga inosenteng sibilyan, bilang mga suspek, sa kabilang pag-ako noon pa man ng BHB na ito ang nagpataw ng parusang kamatayan kay Aguinaldo.

DISYEMBRE 8. Sa Antipolo City, sinalbeyds ng Task Force Panther sa ilalim ni Col. Laureano Tolentino si Nicanor de los Santos, isang lider ng mga Dumagat. Si delos Santos, pangkalahatang kalihim ng Makabayang Samahan ng mga Katutubong Dumagat, ay pinalabas na kumander ng BHB na namatay sa pakikipaglaban sa naturang Task Force. Subalit ayon sa mga kasamahan niya, naghahanda silang magmartsa patungo sa Manila Hotel kung saan isasagawa ang "Economic Summit" na ipinatawag ni Macapagal-Arroyo nang sumalakay ang mga sundalo.




Ang Task Force Tanggol Karapatan ay humihingi ng katarungan sa pagkamatay ni De los Santos. Ayon sa kanila, pinagbawalan din ng mga militar na sumama sa martsa ang walang bus na puno ng mga magsasaka.

DISYEMBRE 7. Si Melchor delos Santos, 27, isang "rebel returnee", ama niyang si Dominador, 49 at kapatid niyang si Falcon, 21 ay pinatay dahil pinagsuspectsahan ng militar na kasangkot sa panununog ng mga *cell site* noong Nobyembre sa Tarlac at pagkamatay ng dala-wang pulis.

NOBYEMBRE. Umabot na sa humigit-kumulang 12,522 pamilya o 59,407 mamamayan ang sapilitang napalikas ng pagtugis ng mga tropa ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa Zamboanga.

HULING LINGGO NG OKTUBRE HANGGANG HULING LINGGO NG NOBYEMBRE. Isang buwang naghasik ng lagim ang mga tropa ng 38th, 39th at 49th IB ng Philippine Army sa mga barangay ng Bakung, Batang, Guangan, Caridad, Lampanag at Bituin, lahat sa Tulunan, North Cotabato. Sa kabilang kasunduan sa pagitan ng militar at ng mga residente na gawing sona ng kapayapaan ang mga naturang barangay, naliligtig ang mamamayan dito dahil labas-masok ang mga sundalo sa katwi-



PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO

rang pugad ito ng BHB. Sa kabilang rin ng tahasang pakiusap ng mga residente na umalis na ang mga sundalo, patuloy pa rin ang mga ito sa panghihimasok sa barangay, at nangingikil pa ng donasyon sa mga residente. Sinumang hindi makipagtulungan sa kanila'y inaakusahang komunista o tagasuporta ng BHB.

NOBYEMBRE-DISYEMBRE. Nagkampo ang may 500 sundalo ng 36th at 24th IB sa San Luis, Agusan del Sur upang protektahan ang pag-uumpisa ng \$25 milyon IFMA na pinondohan ng Asian Development Bank. Sa rasong sila ay kasali sa Military-Barangay Social Development work, ang mga sundalo ay nangingikil ng pagkain at nakikialam sa takbo ng barangay. Lagi rin nilang hinihingi ang sensus ng barangay.

Tinutulan ng mga upisyal ng barangay ang paggamit ng mga sundalo sa *barangay center* bilang kampo at nagpetisyon para paalisin sila sa lugar.

Isang Cesar Mantindahan ng Balit ang sinabihan ng mga sundalo na kumbinsihin ang lahat ng residente ng barangay na sumuko sapagkat mga myembro umano sila ng BHB. Pinagbintangang mga komunista ang mga datung Banawan, mga tradisyunal na lider sa mga bayang sasakupin ng 110,000 ektaryang proyektong IFMA. Ang mga militar ay walang respeto sa mga paniniwala ng mga katutubo at inakusahan din nila ang mga

madreng nakatira sa naturang lugar sa pagiging myembro ng BHB.

KALAGITNAAN NG OKTUBRE. Mahigit isang linggong niliglig ng mga sundalang kabilang sa 402nd



Brigade ang mamamayan ng bayan ng San Luis, Agusan del Sur, habang tinutugis ang mga nangreyd na BHB sa istasyon ng pulis noong Oktubre 8. Tinirahan nila ang mga bahay ng mga sibilyan. Hinalughog din nila ang dormitoryo ng mga batang mag-aaral sa Urios Extension School.

OKTUBRE. Bunga ng pinakamalaking operasyong militar sa Isabela at iba pang bahagi ng Cagayan Valley mula pa noong 1995, tumindi ang mga paglabag sa karapatang-tao. Nagsimula ang pinagsanib na operasyon noong Oktubre 8 sa San Guillermo, Jones, Echague, San Agustin ng Isabela. Tinitoryu ang walong magsasaka at hinaras ang labimpitong pamilya. Ninakaw ng mga nag-ope-rasyong pwersa ng 41st, 45th, 54th, 48th IB ang mga alagang hayop ng masa at sinira ang mga pananim.



OKTUBRE 31. Sinunog ng mga tropa ng 45th IB ang bahay ni Gng. Romy Lemos sa barangay Santiago, Quirino, Isabela.

OKTUBRE 8. Minasaker ng mga elemento ng 54th IB mula sa Digdig, Carranglan, Nueva Ecija sina Jay-ar Albendia, Marvin Cusep, Leo Gallardo, Gertrude Curamen at Jose Martin – pawang mga mangingisda ng Sityo Tuli, Barangay Conversion, Pantabangan, Nueva Ecija. Napaginitan ng 54th IB ang mga ito

nang madatnan sa ilog malapit sa pinangyarihan ng ambus na ikinamatay ng isang upisyal na si Capt. Rogelio Eligino at ikinasugat ng apat pang sundalo sa kanila mismong operasyon (*tingnan ang AB Oktubre 2001*). Brutal na tinortyur ang lahat ng biktima na puro may tama ng bala sa harap. Dinukot ang mata, pinutol ang daliri, sinaksak ang leeg at may taga sa ulo si Curamen. Bali ang kamay at hita at may malaking taga sa leeg si Cusep. Si Martin ay may tama sa parehong mata, na nagwasak sa kanyang bungo. Hubad ang kanilang mga bangkay nang matagpuan ng mga kamag-anak.

OKTUBRE 11. Pinugutan ng ulo si Budbud Osting, 65 taon na Mangyan, ng mga CAFGU sa Mansalay, Mindoro Oriental.

Sa ngayon, maraming pamilya ng mga Mangyan ang napilitang magsilikas sa mga lugar nila. May 15 pamilya na napadpad sa Maynila

na nagpapagamot ng mga sugat dulot ng pagkakababil at pambubugbog sa kanila. Nanawagan sila kay Macapagal-Arroyo na alisin ang mga militar sa kanilang lugar upang sila'y makabalik doon at makapamuhat nang tahimik.

OKTUBRE 8. Dalawang lider ng komunidad sa Mansalay, Mindoro Oriental na sina Barangay Captain Roger Fernando at Rolando Cabagay, ang pinatay ng mga tropa ng 16th Bde at CAFGU sa harap ng pamilya nila.

OKTUBRE 5. Pinaputukan ng mga CAFGU at sundalo ng 204th Bde ang bahay ng mag-asawang Bernard at Belly Montoya sa Mansalay, Min-

Pinaiigting ang pananalakay ng Israel sa mamamayang Palestino

Ibayong pinasahol ng mananakop at pasistang gubyernong Israel ang pananalakay at pambobomba sa mga territoryo ng Palestine. Ito'y matapos katigan ng imperyalismong US ang pananalakay ng Israel sa Palestine sa katwirang "ipagtanggol ang sarili" laban sa mga "teroristang grupo". Isinasangkalan ng Israel ang mga *suicide bombing* at iba pang atake ng mga radikal na pwersang Palestino sa mga Israeli upang maglunsad ng walang patumanggang pambobomba, pamamaril at pamamaslang. Nitong Disyembre lamang, 60 na Palestino ang napatay sa walang habas na pananalakay ng mga tropa ng Israel. Marami dito ay mga bata.

Nabalewala at naglaho ang halos lahat ng mga kasunduan sa pagitan ng Palestinian Liberation Organization at Israel na nagtangkang resolbahan ang matagal nang mahigpit at madugong kontradiksyon sa pagitan ng mamayang Palestino at estado ng Israel. Binawi na ng gubyernong Israel ang dating pagkilala nito sa Palestinian Authority at sa presidente nitong si Yasser Arafat. Sa sulsol ng US at mga imperyalistang bansa sa Europa, pinepresyur ng Israel si Arafat na supilin ang sarili niyang mamamayan. Pagtatangka itong pahinain ang pagkakaisa ng

mga Palestino at paglaban-labanin ang iba't iba nilang paksyon.

Bago ito, tinutulan ng mamayang Palestino ang tangkang gawing lehitimo ang okupasyon ng Israel sa Palestine sa pamamagitan ng huwad na kasunduang pangkapayapaang inilalako ng US. Sa kasunduang ito, iuutos ng US ang pag-atras ng mga tropang Israeli sa Palestine kung iaatras ng mga Palestino ang kanilang paninindigan para sa mga estratehikong bahagi ng kanilang territoryo (kabilang ang punong lunsod ng Jerusalem). Alinsunod sa kanilang mahabang kasaysayan ng militansa at arma-

dong pakikibaka, lalong pinaiigting ng mamayang Palestino ang kanilang pakikipaglaban sa marahas at barbarong okupasyon ng papet na gubyernong Israel sa kanilang mga lupain.

Muling naglunsad ng *intifada*, o armadong pag-aalsa, ang mamayang Palestino laban sa okupasyon ng Israel noong Setyembre 2000 matapos bumagsak ang pinakahulang usapang pangkapayapaan na itinaguyod ng US. Mula noon, humigit-kumulang 900 Palestino at 233 Israeli na ang namatay sa digmaan. Nasa kaibuturan ng pakikibakang Palestino ang pagtatag ng isang nagsasariling bansa. Sa ngayon, sentro ng tunggalian ang mga lugar ng Gaza Strip at West Bank, pangunahin na ang syudad ng Jerusalem, na sinakop ng Israel noon pang 1967. Ang okupasyong ito ay kinukundena ng maraming bansa at mamamayan. AB

Kaugnay na artikulo: "Palestine: Tungo sa paggapi sa pang-aaping imperyalista at Israeli", AB Setyembre 2000

◀ doro Oriental kung saan tinamaan at nadurog ang isang paa ni Belly at nasugatan sa braso si Bernard.

SETYEMBRE 22. Dalawang lider ng isang organisasyon ng mga magsasaka sa Mansalay, Mindoro Oriental ang dinukot ng mga militar at CAFGU at hanggang sa ngayon ay nawawala.

IKATLONG LINGGO NG SETYEMBRE. Hinaras si Grechen

Valdez at ilan pang estudyante ng La Sallete University, Cagayan State University at ilan pang kolehiyo sa Isabelia at Cagayan, pagkatapos ng rali noong Setyembre 21. Dinukot at tinakot si Pastor Joseph Agpaoa, taong-simbahan na sumama sa nasabing rali. Binalaan sila ng militar na huwag nang sumama sa gayong mga aktibidad. AB

Pag-aalsa, sumiklab sa Argentina

Humantong sa gulo at sa bandang huli'y malawak na pag-aalsa ang ibayong paglubha ng pang-ekonomyang krisis sa Argentina.

Nitong Disyembre 20, ikalawang araw ng matitinding kilos-protesta at kaguluhan sa iba't ibang bahagi ng bansa, napwersang magbitiw sa tungkulin si Presidente Fernando de la Rua.

Nagsimula ang kaguluhan nang daan-daang nagugutom na mama-mayan ang dumagsa sa mga *supermarket* at nagnakaw ng mga pagkain noong Disyembre 18. May mga pamilyan ding sinunog ng despedadong mamayan. Lima katao ang napatay, mahigit 100 ang nasugatan at humigit-kumulang 350 ang inaresto sa marahas na reaksyon ng pulisia.

Nagdeklara si de la Rua ng 30 araw na *state of siege* noong Disyembre 19 upang supilin ang lumalaganap na kaguluhan. Sinuspindi niya ang mga konstitusyunal na karapatan at binigyan ang gobyerno ng malawak na kapangyarihan para sugpuin ang karahasan.

Subalit pinaigting lamang ng deklarasyon ng *state of siege* ang galit ng mamayan. Maging ang pangako ni de la Rua na kagyat na maglalabas ang gobyerno ng \$7 milyon na halaga ng ayudang pagkain sa mahihirap ay hindi nakapigil sa libu-libong mamayan na bumuhos sa mga lansangan ng punong lunsod ng Buenos Aires upang igit ang kanyang pagbribitiw. Nag-ingay sila sa pamamagitan ng mga busina ng sasakyang pagkalampag ng mga kawali at kaldero bilang protesta.

Tatlong unyon ng mga manggagawa sa prubinsya ng Cordoba ang nag-deklara ng pangkalahatang welga.

Sa araw ng pagbibitiw ni de la Rua, umabot na sa 26 ang napatay, 200 ang nasugatan at mahigit 2,000 ang inaresto sa buong bansa kaugnay ng malawakang pag-aalsa.

Nagpapatuloy hanggang sa kasilukuyan ang matitinding protesta dahil sa kawalang pag-asang malutas ang krisis sa malapit na hinaharap. Sa loob lamang ng 11 araw mula nang magbitiw si de la Rua, apat na ang humalili sa kanya at agad ring nagbitiw sa kabiguang makagawa ng mapagsyang hakbang kaugnay ng krisis.

SUMIKLAB ANG PAG-AALSA BUNSOD ng matitinding krisis na dinaranas ng bansa. Mag-aapat na taon nang nasa resesyon ang ekonomya ng Argentina at bunga nito ay umabot na sa 20% ang tantos ng disemployo. Lumala pa ang kahirapan at diskuntento ng mamayan nang magpatupad si de la Rua ng hakbangin sa pagtitipid alinsunod sa dikta ng International Monetary Fund (IMF). Binawasan ng hakbanging ito ang badyet para sa mga batayang serbisyon ng panlipunan.



Napipinto ang tuluyang pag-sadsad ng ekonomya ng Argentina bunga ng kawalang-kakayahan ng gubyernong tumupad sa dedlay ng pagbabayad sa \$132 bilyong utang nito. Siyammapu't pitong bilyong dolyar (\$97 bilyon) o mahigit 73% ng utang na ito ay nalalapit nang matapos ang taning. Sa darating pa lamang na katapusan ng Disyembre, \$600 milyong halaga ng mga bono ang dapat nang bayaran.

Kapag nagkataon, ito na ang pinakamalaking utang na di mababayaran sa takdang panahon ng alinmang bansa sa kasaysayan. Walang pag-asang makaligtas dito ang Argentina kung walang papasok na ayuda mula sa ibang bansa o sa mga internasyunal na ahensyang pampinansya.

Masaklap dito, tumatanggi ngayon ang IMF na ibigay ang naka-takdang \$1.3 bilyong pautang dahil bigo raw ang bansa na balansehin ang badyet nito sa kabilang ipinataw na pagtitipid. Nagpahayag din ang US na walang maaasahang kagyat na ayuda mula rito. **AB**



PKP, NAGDEKLARA NG TIGIL-PUTUKAN SA KAPASKUHAN

BILANG pagbibigay-galang sa tradisyunal na pagdiriwang ng kapaskuhan, nag-atas ang Komite Sentral (KS) ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa lahat ng kumand at yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga milisyang bayan na pansamantalang itigil ang paglulunsad ng mga opensiba laban sa mga pwersang militar, pulis at paramilitar ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa deklarasyong inilabas sa pamamagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) nitong Disyembre 8, ipinahayag ng KS na magkakabisa ang tigil-putukan kagyat pagkadeklara ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ng sariling tigil-putukan sa pagitan ng Disyembre 15, 2001 at Enero 15, 2002.

Gayunman, ayon pa sa deklara-

syon, mananatiling alerto ang BHB at aktibong magtatanggol laban sa paniniktitik at opensibong aksyon ng kaaway sa panahon ng tigil-putukan.

Matapos ang ideklara ng GRP na hanggang Enero 6 lamang ang tigil-putukan nito, naglinaw ang NDFP na ang pagtigil ng mga opensiba ng BHB ay magtatapos din sa nasabing pesta.

“IPAGBUNYI ANG SUMUSULONG NA MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA” – ARMANDO LIWANAG

“IPINAGBUBUNYI natin ang sumusulong na mga rebolusyonaryong pwersa at ang pagdaluyong ng kilusang masa.”

Ito ang ipinahayag ni Kasamang Armando Liwanag, tagapangulo ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa kanyang mensahe sa ika-33 anibersaryo ng Partido nitong Disyembre 26. Aniya, “nagtamo tayo ng mga makabuluhang pagsulong sa pagtatayo ng Partido bilang abanteng destakamento ng uring manggagawa, ng Bagong Hukbong Bayan bilang pangunahing instrumento sa pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika at ng nagkakaisang prente bilang paraan sa pagpapakilos sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan sa rebolusyonaryong adhikain” dulot ng pagtangan sa wastong linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Partikular niyang tinukoy na nitong nakaraang taon ay “nagkamit tayo ng dramatikong tagumpay sa pagbabagsak sa naghaharing pangkating US-Estrada sa pamamagitan ng mga taktika ng malawak na nagkakaisang prente.”

Kaugnay nito, aniya, malinaw na naisulong

ang linya na alinmang naghaharing pangkatin ay maaaring maibagsak ng Partido at ng masa alinsunod sa linya ng malawak na nagkakaisang prente at kung gayo'y makapag-iipon ang kilusan ng lakas at karanasan hanggang maaari nang ibagsak ang buong naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Tinukoy din ni Kasamang Liwanag ang krisis ng lokal na naghaharing sistema at ng panidaigdigang sistemang kapitalista bilang napakapaborableng kalagayan para sa rebolusyon.

“Tiwala tayong sa susunod na sampung taon ay magkakamit tayo ng malalaking pagsulong sa bagong-demokratikong rebolusyon, at susulong sa paraang walang kapantay sa nakaraan ang mga kilusang anti-imperialista at sosyalista sa gitna ng lumalalang krisis ng panidaigdigang sistemang kapitalista at ng malaking kaguluhang dulot ng mga digmang agresyon at kampanya sa panunupil,” dagdag pa ni Kasamang Liwanag.

Ang kabuuang mensahe ni Tagapangulong Armando Liwanag ay inilabas bilang espesyal na isyu ng Ang Bayan.

KUMPANYA NG BUS, PINARUSAHAN NG BHB SA CEBU

SINUNOG ng mga Pulang mandirigma ng Vicente Padayao Brigade ang isang pampasaherong bus ng Philtranco Bus Liner nitong Disyembre 11 sa Barangay Panalipan, Catmon, Cebu.

Ayon kay Silvino "Ka Bino" Clamucha, tagapagsalita ng BHB sa rehiyong Sentral Bisayas, pinarusahan ang kumpanya dahil sa pagtanggi nitong magbayad ng buwis sa rebolusyonaryong kilusan.

Sumakay ang tatlong Pulang

mandirigma sa isang bus ng Philtranco na byaheng Cebu-Bogo-Tacloban City. Pinahinto nila ang bus sa Barangay Panalipan kung saan nakapwesto ang iba pang Pulang mandirigma.

Naglagay ng mga tsekpoyn ang ibang kasapi ng BHB upang mapigilan ang paglapit ng iba pang mga sasakyang lugar kung saan sinunog ang bus. Tinatayang P3 milyon ang halaga ng nasunog na bus.

ARMY CAPTAIN INAMBUS NG BHB SA AURORA

AGAD namatay ang isang upisyal ng Philippine Army nang tambangan siya ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Suklayin, Baler, Aurora nitong Disyembre 12. Pabalik si Capt. Eufronio Villaluz, *personnel officer* ng 17th IB, sa kanyang yunit nang siya ay ambusin.

IMPORMER NG PULISYA SA COMPOSTELA VALLEY, PINARUSAHAN

SIR ROGER Valdez, isang impormer ng pulisya, ay pinatawan ng BHB ng parusang kamatayan sa Barangay Bucana Banlag, Monkayo, Compostela Valley nitong Disyembre 6.

HIDWAAN SA KAMPO NI MACAPAGAL-ARROYO, NALALANTAD

NAHAYAG sa publiko ang hidwaan sa kampo ng naghaharing reaksyonaryong pangkatin nang magpahiwatig si dating presidente Fidel Ramos ng balak na muling tumakbo sa pagkapangulo sa 2004 gayong may katulad ring plano si Macapagal-Arroyo.

Muling binubuhay ni Ramos ang naudlot na ambisyon niya noong palawigin ang kanyang panu-

nungkulang. Aniya, tanging sa pagtakbo muli ng isang dating presidente masusubok at maillinaw ang malabong konstitusyunal na probisyon kaugnay ng reeleksyon ng isang dating presidente

Pormal itong itinatanggi ni Ramos, ngunit hindi mapalagay si Macapagal-Arroyo dahil sa rekord ng pagsisinungaling ng dating presidente hinggil sa kanyang mga

plano sa pulitika.

Mga personaheng maka-Ramos din ang nasa likod ng matitinding pagbatikos ng People's Consultative Assembly (PCA) kay Macapagal-Arroyo, sa kanyang asawang si Miguel at sa mga upisyal ng gubyerno na pinakamalalapit sa kanya, kaugnay ng mga anomalyang kinasangkutan ng bilyun-bilyong piso.

BAYAD SA PAGSAPI SA OWWA, INIATAS NI MACAPAGAL-ARROYO

SA GITNA ng mga pakikibaka ng mga *overseas Filipino workers* (OFW) para sa makatarungang sahod, dinagdagan ni Macapagal-Arroyo ang mga bayarin nila. Inutusan niya ang Department of Labor and Employment (DoLE) na ipatupad ang Memorandum of Instruction No. 8. Inoobliga ng memorandum na ito ang mga OFW na magbayad sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA) ng US\$25 bilang butaw sa pagsapi sa Overseas Workers Welfare Administration (OWWA).

Upang matiyak ang pagsunod ng mga OFW, pagkakaitan ng *overseas employment certificate* ang sinumang hindi magbayad nito.

Ayon sa Migrante, militanteng organisasyon ng mga OFW, mahigit P1,275 ang ibabawas ng bayaring ito sa sahod ng mga OFW.



KABIGUANG MAKIPAGKASUNDO SA REBOLUSYONARYONG KILUSAN, ISANG SANHI NG PAGBABA NG POPULARIDAD NI MACAPAGAL-ARROYO -- SWS

“ANG kabiguan ng gubyernong makipagkasundo sa mga rebeldeng komunista” ay isa sa tatlong pangunahing sanhi ng pagbaba ng popularidad ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Ayon ito sa pinakahulang sarbey na ginawa ng burges na Social Weather Stations noong Nobyembre 3-21. Ang dalawa pang tinukoy na dahilan ay ang kabiguan ng kampanya laban sa droga at kabiguang sumingil ng

NAGBUNYAG NG PLANONG KUDETA, PINATAY

PINASLANG nitong Disyembre 31 si Capt. Baron Cervantes, tagapagsalita ng isang paksyon ng Young Officers Union (YOU), matapos niyang ibunyag na may planong kudeta ang YOU at ang Rebolusyonaryong Alyansang Makabansa (RAM) laban sa rehimeng Macapagal-Arroyo.

Ayon kay Cervantes, nagkaroon ng lihim na pulong ang YOU at RAM noong Disyembre 24 sa Puerto Azul sa Cavite upang planuhin ang Oplan Noche Buena laban sa gubyerno.

Si Cervantes ay malapit sa buhaghag na paksyong maka-Macapagal-Arroyo ng naghaharing uri. Muling pinatatampok ng pagpatay sa kanya ang matinding ribalan ng iba’t ibang paksyon ng naghaharing uri at ng kani-kanyang mga hawak na grupo sa loob ng reaksyunaryong militar.

buwis mula sa malalaking negosyante.

Lumabas din sa sarbey na may pagtingin ang nakararami na walang sapat na nagawa ang gubyerno para pawiin ang korapsyon, ibaba ang

presyo ng mga batayang bilihin, sugpuin ang krimen laban sa mga karaniwang mamamayan, lutasin ang problema sa Abu Sayyaf at itaguyod ang tunay na awtonomya ng mga Moro sa Mindanao.

ALYANSA LABAN SA MGA KUMPANYANG AGROKEMIKAL, ITINATAG

SA PANGUNGUNA ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), itinatag nitong Disyembre 3 ang International Alliance Against Agrochemical Transnational Corporations (IAAATNCs). Ang alyansa, na kinapapalooban ng 25 organisasyon at indibidwal mula sa loob at labas ng bansa, ay nag-lalayong kumprontahan ang mga kumpanyang agrokemikal kaugnay ng mga usapin ng pestisidyo, *genetically modified organisms* (GMO), seguridad sa pagkain at karapatan sa lupa.

Kasabay ng pagtatatag sa IAAATNCs, inilunsad ng KMP ang

pangangalap ng isang milyong lagda laban sa patuloy na *field testing* ng Bt Corn at BB Rice at upang muling magpahayag ng pagtutol sa Plant Variety Protection Bill na nagbibigay sa mga kumpanyang agrokemikal ng eksklusibong karapatan sa mga binhing naka-*patent* sa kanilang pangalan. Tinuligsa rin ng KMP ang mga imperyalistang agrokemikal na kumpanya tulad ng Monsanto dahil sa pagkontrol ng mga ito sa agrikultura sa Pilipinas bunga ng monopoly nila sa mga kemikal na kailangan sa pagsasaka at sa pagpapalaganap nila ng GMO sa bansa.

80,000 NAGMARTSA LABAN SA EU SUMMIT

UMABOT sa 80,000 katao ang nagmartsa sa Brussels, Belgium nitong Disyembre 13 upang igiit sa European Union (EU) ang mas malaking papel ng mga manggagawa sa pagbalangkas ng mga patakarang panlipunan at ang pagbaba ng disemplyeo. Iginiit ng mga demonstrador ang pagkakaroon ng maayos na mga serbisyon pam-publiko, ang pagtaguyod sa mas

masaklaw na karapatan ng mga manggagawa, ang mas maayos na kundisyon sa pagawaan at ang pagtutol sa globalisasyon.

Ang pagkilos ay ginawa sa bisperas ng dalawang araw na pagtitipon ng mga lider ng EU. Nanguna sa pagkilos ang European Trade Union Confederation na kumakatawan sa 60 milyong manggagawa sa 25 bansa sa Europe.